8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin 2



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Piedad O. Diola

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN KUWARTER 3 IKALAWANG LINGGO BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br><br>Nabibigyang katuwiran ang naging tugon ng mga bansa sa pagharap sa iba't ibang suliranin pagkaraan ng digmaan.<br><br>1. Nasusuri ang papel na ginampanan ng League of Nations sa pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig.<br>2. Natatalakay ang epekto ng Spanish Flu matapos ang digmaan at ang implikasyon nito sa kalagayan ng daigdig noon at sa kasalukuyan.<br>3. Naipaliliwanag ang mga dahilan at epekto ng "*Great Depression"* sa buong daigdig. |
| **D. Nilalaman** | 1. Konsepto ng "*League of Nations"*<br>2. Epekto at Implikasyon ng "*Spanish Flu"*<br>3. Konsepto ng "*Great Depression"* |
| **E. Integrasyon** | Ugnayang panrehiyon at pandaigdig (Regional and International Relations)<br>(Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 15). influenza pandemic of 1918–19. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/influenza-pandemic-of-1918-1919*<br><br>*Romer, C. D. and Pells, . Richard H. (2024, May 22). Great Depression. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Great-Depression*<br><br>*Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 26). League of Nations. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/League-of-Nations* |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain: It's A Pair**<br>**Panuto:** Gumamit ng flashcards na pagsusulatan ng mga konsepto at kahulugan nito mula sa nakaraang aralin. Ibigay ang mga flashcards sa mga mag-aaral at hayaang hanain nila ang magkaparehas na konsepto at kahulugan nito.<br><br>**ALYANSA NASYONALISMO DIGMAAN IMPERYALISMO**<br><br>**MILITARISMO UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG**<br><br>a. Tinaguriang "Malaking Digmaan dahil sa laki ng halaga ng pinsala sa ari-arian.<br>b. Sistema ng pagkakampihan o pagpapangkat–pangkat ng mga bansa dahil sa isang layunin.<br>c. Kaguluhan o hindi pagkakaunawaan ng mga bansa na ang resulta ay karahasan.<br>d. Pagpapalawak ng teritoryo o sakop na bansa.<br>e. Patakarang pampulitika ng isang bansa kung saan nagpapalakas at nagpaparami ng hukbong militar.<br>f. Pagmamahal sa bayan na kung minsan ay maaaring maging panatiko ang isa dahil sa pagpaparangal sa bayan. | Batayan ng kasagutan<br>A, Unang Digmaang Pandaigdig<br>B. Alyansa<br>C. Digmaan<br>D, Imperyalismo<br>E. Militarismo<br>F. Nasyonalismo |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>***Gawain:*** Suriin ang mga larawan. Maglahad ng maikling paliwanag tungkol dito.<br><br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Flag_of_the_League_of_Nations_%281939%29.svg<br><br><br>League of Nations<br><br><br>Spanish Influenza Epidemic<br><br><br>The Great Depression<br>https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Great_depression.jpg | Sanggunian para sa mga larawan:<br><br>*league of nations*. (n.d.). https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Flag_of_the_League_of_Nations_%281939%E2%80%931941%29.svg.<br><br>*spanish flu*. (n.d.). https://www.theatlantic.com/photo/2018/04/photos-the-1918-flu-pandemic/557663/.<br><br>*great depression*. (n.d.). https://futuraphoto.com/blog/12-heartbreaking-photos-of-the-great-depression/.<br><br>Sangunian<br><br>*Search*. (n.d.-b). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/search?query=league+of+nations<br><br>*Search*. (n.d.-c). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/search?query=spanish+flu<br><br>*At depression*. (n.d.). https://www.britannica.com/search?query=great+depression |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>***League of Nations*** – Samahan ng mga bansang nasangkot sa digmaan na may layuning ibangon o palakasin muli ang bansang nasira ng digmaan<br><br>***Spanish Influenza/Spanish Flu*** – pandemyang trangkaso ng Espanya noong 1918. Itinuring na nakamamatay na sakit sa buong kasaysayan na kumalat sa mundo hanggang 1920 at nagtala ng 500 milyong katao na inpektado at 100milyon nasawi nang ito ay kumalat sa maraming estado sa Amerika.<br><br>***Great Depression*** – ang malawakang krisis pang-ekonomiyang nagsimula sa pagbagsak ng pamilihan sa Amerika noong 1929. Maraming mga tao ang nawalan ng trabaho. Sa pagsapit ng 1932, 25–30% ng mga tao ang nawalan ng mga hanapbuhay. Naging mahirap sila at nawalan ng mga tirahan. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: *Pagtatatag ng League of Nations***<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pambungad:**<br><br>● Ang napakalaking halaga na nawala dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot pa ng sunud-sunod na suliranin anupa't patuloy ang kahilingan ng publiko na magkaroon ng paraan upang maiwasan ang pagkawasak ng mga bansa at pagdurusa ng mga mamamyan.<br>● Napakalaki ng kahilingan ito kaya't sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng pagbubukas ng Peace Conference noong Enero 1919 sa Paris ay nakagawa ng nagkakaisang ksunduan ang mga sangkot na bansa sa digmaan ng mga teksto ng Covenant of the League of Nations.<br>● Pinangunahan ng France, Italy, Japan at Great Britain bilang permanenteng kasapi ng Konseho.<br>● May orihinal na 42 miyembrong bansa, 23 na lamang ang natira dito hanggang 1946.<br>● Bagaman bigo ang mga tagapagtatag nito, ang paglikha ng Liga ay isang kaganapan ng pagpapahalaga sa internasyonal na relasyon ng mga bansa.<br>● Dahil sa maraming kabiguan ng Liga na mapanatili ang kapayapaan na nasundan pa ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig pinalitan ito ng isa pang samahan na may katulad na layunin - ang Nagkakaisang Bansa o United Nations noong Oktubre 24, 1945 | Karagdagang Sanggunian<br><br>*Search*. (n.d.-b). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/search?query=league+of+nations |

- Ang Liga ng mga Bansa ay pormal na binuwag noong Abril 19, 1946.

**Gawain:**
Panoorin ang *video* may kinalaman sa pagtatag ng *League of Nations*, Layunin, Mga Nagawa at Pagkabigo Nito. Matapos panoorin ang *video*, talakayin sa pamamagitan ng pagpunan sa tsart, bilang indibidwal na gawain at sagutan ang iba pang pagsasanay


https://www.youtube.com/watch?v=3tUoCDtoFoQ

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain: Mapping the League**
Suriin ang mapa. Isa-isahin ang mga bansang naging miyembro ng League of Nations.

*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*

**Paglalapat at Pag-uugnay**
**Gawain: Flip A Pic**
Magdidikit/magpapakita ng mga larawan ang guro ng mga tauhang nabanggit sa talakayan. Kapag na-*flip* na ang larawan, isa-isahin ng mga mag-aaral ang mga nagawa o achievements ng mga ito at talakayin ang naging implikasyon nito sa kasaysayan, Punan ang tsart ng wastong impormasyon

| Larawan | Pangalan | Mga Nagawa | Implikasyon sa Kasaysayan |
|---|---|---|---|
| **1.**  **https://picryl.com/media/david-lloyd-george-18631945-gcf04510-636a87** | | | |

Pinagkunan ng larawan ng graphic organizer
*graphic organizer*. (n.d.). https://www.canva.com/p/templates/EAFbWGEUzaA-turquoise-orange-pink-illustrative-english-close-reading-analysis-graphic-organiser/.

Sanggunian para sa mapa
*map league of nations*. (n.d.). https://www.slideserve.com/kylee/the-league-of-nations.

Mga Batayang Kasagutan:

- Argentina, Belgium, Bolivia, Brazil, British Empire, United Kingdom, Australia, Canada, India, New Zealand, South Africa, Chile, Republic of China, Colombia, Cuba, Czechoslovakia, Denmark, El Salvador, France, Greece, Guatemala, Haiti, Kingdom of Hejaz, Honduras, Kingdom of Italy, Empire of Japan, Liberia, Netherlands, Nicaragua, Norway,

| | | | |
|---|---|---|---|
| **2.**  **https://www.flickr.com/photos/timevanson/10103952993** | | | |
| **3.**  | | | |
| **4.**  **https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portrait_of_Georges_Clemenceau_Wellcome_M0005201.jpg** | | | |

- ***Ang mga nasa larawan ay kinilala sa kasaysayan bilang ang "The Big Four"***

**Ikalawang Araw**

**Kaugnay na Paksa 2: Spanish Flu**
**Pagproseso ng Pag-unawa**

Panama, Paraguay, Persia, Peru, Poland, Portugal, Romania, Siam, Spain, Sweden, Switzerland, Uruguay, Venezuela, Kingdom of Yugoslav

Batayan ng Kasagutan at pinagkunan ng larawan


1. Great Britain Prime Minister Lloyd George


2. US President Woodrow Wilson

3. Italy Prime Mimister Vittorio Orlando

4. France Prime Minister George Clemenceau

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Pambungad
<ul>
<li>Ang influenza o trangkaso ay dulot ng isang virus na maaaring maipasa mula sa isang tao tungo sa isa poa sa pamamagitan ng respiratory secretions. Dahil ito ay airborne o nakukuha mula sa hangin, madaling mahawa ang isa lalo na at mahina ang kanyang resistensya.</li>
<li>Matatawag itong isang outbreak kung napakarami nang nahawa ng virus na ito</li>
<li>Ang pandemya ng trankasong ito noong 1918-1919 ay nakaapekto sa maraming populasyon matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig. Naitala na mahigit 25 milyong tao na namatay sa sakit na ito sa maikling panahon.</li>
<li>Mula 1918, may tatlong waves. Ang una ay noong panahon ng World War 1 na kung saan napakabilis na kumalat ang sakit sa Western Europe at nang maglaon ay hanggang sa Poland.. Ang ikalawa ay noong tag-araw ng 1918 kung saan nagsimula sa pagkakaroon ng pneumonia at sa ikalawang araw ay lagnat naman hanggang sa tuluyan na itong ikamatay ng pasyente. Ang ikatlo ay noong taglamig ng 1919 na kung saan mas mabilkis ang pagkalat ng sakit lalo na sa edad 20-40 sa dahilan mababa ang resistensya ng mga ito.</li>
<li>Kinakailangan na magsuot ng face mask upang maiwasan na mahawa at makahawa pa.</li>
</ul>
Gawain: Litra-toks<br>
Gamit ang mga larawan/litrato, lagyan ng angkop na dialogue upang isabuhay ang mensaheng nais iparating ng bawat larawan.



</td>
<td>
Sanggunian<br>
Search. (n.d.-c). Encyclopedia Britannica.<br>
https://www.britannica.com/search?query=spanish+flu
</td>
</tr>
</table>






**https://www.rawpixel.com/image/2298627**

**Gabay na Impormasyon: Maaaring gamitin ang tsart sa pagtalakay sa aralin**




Pinagkunan ng larawan:
*mask wearing*. (n.d.).
https://californiahistoricalsociety.org/blog/from-the-archives-the-1918-pandemic/.

| | | |
|---|---|---|
| | **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Gawain: It's Fine To Define<br>Panuti: Ipaliwanag ang mga sumusunod na katawagan**:**<br>*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: PagsaSANAYSAY**<br>*Panuto: Sumulat ng maikling sanaysay na sinasagot ang katanungang nakapaloob sa pagsasanay. Pagkatapos ng itinakdang oras sa pagsulat, tumawag ng mga mag-aaral nan ais magbahagi ng kanilang kasagutan.*<br>  | |
| | **Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 3: The Great Depression**<br>**Pagproseso ng Pang-unawa**<br>**Pambungad**<br>● *Ang Great Depression* ay pandaigdigang pagbagsak ng ekonomiya mula 1929 hanggang 1939<br>● Naranasan ng mga industriyalisadong Kanluraning bansa ang pinakamatagal at pinakamatinding depresyon sa ekonomiya anupat maraming bansa kahit sa Estados Unidos pa nagmula, ang dumanas ng pagkalugi, kawalan ng trabaho at implasyon.<br>● Mula pa noong Digmaang Sibil, ang Great Depression ay tinatayang nagpaluhod sa mga dating mayayamang bansa sa kanluran.<br>● May apat (4) na salik kung bakit nagkaroon ng Great Depression. (1) ang pagbagsak ng stock market sa Amerika noong 1929 na nagresuta ng pagkalugi ng mga namumuhunan; (2) nagkaroon ng panic sa pagbabangko ma naghpababa sa halaga ng perang magagamit sa pagpapautang; (3) itinaas ang *rate* ng interes sa mga iniluluwas na ginto; at (4) pagpataw ng mataas na buwis sa mga produktong pang-industriya at agrikultura na naging sanhi upang magkaroon ng problema sa pandaigdigang kalakalan<br><br>Gawain: | Maaaring pangkatin ng guro ang mga mag-aaral upang pag-usapan ang paglalahad ng aralin o pagsagot sa mga pamprosesong tanong.<br><br>Tanong 1: gamitin ang paraang pag talumpati ng ekstemporanyo<br><br>Tanong 2; Gamitin ang paraang Diad o sagutan ng dalawang mag-aaral<br><br>Tanong 3: Gamitin ang paraang Paglalahad ng Dokumentaryo<br><br>Tanong 4: Gamitin ang paraang Interview o pagsasatao<br><br>Tanong 5: Gamitin ang paraang News Reporting<br><br>Pinagkunan ng larawan (mapa) |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | Panoorin ang *video* at pagkatapos ay gamitin sa talakayan ang mga pamprosesong tanong.<br>https://www.youtube.com/watch?v=m5rUXuaYUe0<br><br>**Pamprosesong Tanong:**<br><br>1.Ano ang kahulugan ng *Great Depression?*<br>2. Isa-isahin ang mga dahilan kung bakit naganap ang Great Depression<br>3. Bakit tinawag na "Black Tuesday ang petsang October 9, 1929 sa Amerika?<br>4. Anu-anong mga hakbang tungo sa pagbabalik kaayusan sa ekonomiya ng Amerika ang inilahad ni Pangulong FDR (Franklin D. Roosevelt)?<br>5. Punan ang tsart ng wastong impormasyon:<br><br>Gawain: *(Tingnan sa pahina 4-5 ng Sagutang Papel ang mga gawain)*<br><br>**Ikaapat na Araw**<br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain: Paggawa ng Slogan**<br>Mula sa *poster* na nasa ibaba ng panuto, pabuuin ng isang *slogan* ang mga mag-aaral na tumatalakay sa kanilang natutunan sa paksang Great Depression.<br><br>Isulat ang nabuong slogan sa espasyong ito.<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: A Century After**<br>**Paghahambing:**<br>Sumulat ng isang makabuluhang paghahambing tungkol sa mga kaganapan sa pagkakaroon ng epidemya ng Spanish Flu noong 1918 at ng Covid-19 noong 2019. | *usa location*. (n.d.). https://kids.nationalgeographic.com/geography/countries/article/united-states#.<br><br>Batayang Kasagutan sa Gawain C, pahina 5 ng Sagutang papel:<br>1.Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Mali |

| | | |
|---|---|---|
| | **Introduksyon:** Isang siglo matapos ang epidemya naranasan muli ng napakaming bansa sa mundo ang siklo ng sakit na may pagkakahawig sa Spanish Flu. Ito ay ang Covid-19. Gamit ang mga larawan, bumuo ng isang paghahambing may kinalaman sa:<br><br>A Mga datos na nagpapakita ng lawak ng epekto ng Spanish Flu<br>B. Paraan ng naging pagtugon ng mga bansang naapektuhan ng Spanish Flu<br>C. Implikasyon ng pagkakaroon ng Spanish Flu sa Kasaysayan<br><br>*(Tingnan sa pahina 7-8 ng Sagutang Papel)*<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Gawain: I-placard Mo!<br>Ipasulat sa loob ng *placard* ang personal na pananaw ng mga mag-aaral may kinalaman sa mga paksang tinalakay.<br>*(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya** | **1.** Pagsusulit at Aplikasyon<br>*(Tingnan sa pahina 9-10 ang mga gawain para sa pagsusulit at aplikasyon)*<br><br>**2.** Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Magsaliksik ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga sumusunod:<br>A. Totalitaryanismo<br>B. Komunismo<br>C. Narsismo<br>D. Pasismo | Mga Batayang Sagot<br>1.Italy at Japan<br>2. Spanish Flu<br>3. The Big Four<br>4. Pangulong Woodrow Wilson<br>5. 14 Points<br>6. League of Nations<br>7. United States of America<br>8. Great Depression<br>9. Franklin D. Roosevelt<br>10. Covid-19<br><br>Sanggunian:<br>Maaaring komunsulta sa site na ito<br>*government*. (n.d.).<br>https://education.nationalgeog |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3"></td><td>raphic.org/resource/resource-library-forms-government/.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>G. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</td></tr>
</table>